



VOLUME VII

PATAY DILIM SUNOD TAHIMIK

TANONG MALINAW HIMAGSIK



TALISIK

An Undergraduate Journal of Philosophy

Volume 7, Number 1

August 2020

ISSN 2362-9452




Concilium Philosophiae

Faculty of Arts and Letters

University of Santo Tomas



COPYRIGHTS



All the research articles published by TALISIK are licensed under a Creative Commons Attribution - Commercial 4.0 International License.

TALISIK supports the Open Access Movement. Those who intend to copy and redistribute the articles published by the journal are free upon the condition that they cite the journal article or acknowledge the author.

Articles in the journal are not eligible for commercial purposes.

© Copyright TALISIK | ISSN 2362-9452 | talisik.journal@gmail.com | www.talisik.org

ABOUT THE COVER

The cover illustrates the necessity of critical thought in society: the prevalence of a culture of killing (*patay*) and darkness (*dilim*) promotes blind obedience (*sunod*) and silence (*tahimik*). On the observe, we ought to ask (*tanong*) to clearly see (*malinam*) ways to avenge (*bimagsik*) injustice in an affirmative, life-promoting way. This journal stands as an attempt at rational discourse to further refine the sharpness (*talas*) of research (*saliksik*) and reason.

TALISIK: An Undergraduate Journal of Philosophy, 7:1 (August 2020)

Layout by Anton Heinrich L. Rennesland

ABOUT THE JOURNAL

In accordance with the mission and vision of the Department of Philosophy of the University of Santo Tomas, i.e. cultivating a research oriented culture, the Concilium Philosophiae, the official organization of the undergraduate students of philosophy of the UST Faculty of Arts and Letters, established **TALISIK: An Undergraduate Journal of Philosophy** in order to foster a research mentality among the undergraduate students of philosophy. As a research platform primarily for undergraduate philosophy students in the Philippines, the journal seeks to publish articles across the whole range of philosophical topics, but with special emphasis on the following subject strands:

- The history of philosophy (East and West)
- The branches of philosophy, such as, logic, metaphysics, cosmology, epistemology, ethics
- Philosophical schools, such as, rationalism, empiricism, phenomenology, existentialism
- Contemporary philosophical issues and trends

TALISIK is a Filipino word. It is a contraction of “Talas” [Keeness] and “Saliksik” [Search]. **TALISIK** then means “Katalasan ng isip na umunawa ng anuman” [Keeness of the mind to understand anything] and “Malaliman at matalinong pagdalumat sa kahulugan ng anuman” [In-depth and intelligent search for the meaning of anything]. Based from the definition of **TALISIK**, the Concilium Philosophiae intends to demonstrate the acumen of undergraduate students of philosophy through their research undertakings. The journal primarily caters to the works of the UST undergraduate students of philosophy, but also welcomes contributions from other fields and institutions.

TALISIK publishes issues annually.

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief

Mr. Patrick Andre C. Mencias | University of Santo Tomas

Managing Editor

Mr. Stephen Marl Bayot | University of Santo Tomas

Associate Editors

Ms. Raphaella Elaine R. Miranda | University of Santo Tomas

Mr. Anton Heinrich L. Rennesland, MA | University of Santo Tomas

Mr. Franz Joseph C. Yoshiy II | University of Santo Tomas

Layout Editor

Mr. Anton Heinrich L. Rennesland, MA | University of Santo Tomas

ADVISORY BOARD

† Dr. Romualdo Abulad | University of Santo Tomas

Mr. Ranier Abengaña, MA | University of Santo Tomas

Dr. Jove Jim Aguas | University of Santo Tomas

Dr. Fleurdeliz Altez - Albela | University of Santo Tomas

Dr. Paolo Bolaños | University of Santo Tomas

Dr. Jovito Cariño | University of Santo Tomas

Dr. Roland Theuas Pada | University of Santo Tomas

LETTER FROM THE EDITORIAL BOARD

During the 2017 Talisik Undergraduate Philosophy Conference, the country's foremost Kantian Scholar, Bro. Romualdo Abulad, SVD, PhD, complimented both the Talisik Editorial Board and the Concilium Philosophiae for the creation of *Talisik* as one of the first undergraduate publications in the country. His words of encouragement were directed to remind the philosophical community of the importance of both reading and writing towards a path of mastering the philosophical craft. Dr. Abulad encouraged students to read as much as they can while time still permits and to enjoy reading while developing one's patience for it. After reading, he says, writing is the next step, for it is in writing that philosophy could contribute to society and where students could enjoy the life that philosophy offers them. Philosophy stands on these twin occurrences of reading and writing; without one, philosophy is not firmly established.

Following the words of Dr. Abulad, the editorial team sought to continue the pursuit of determining academic excellence in the discipline of philosophy, and thus proudly presents three articles for this volume that passed the rigorous review process. Among the three, two are written in the theme of Filipino Philosophy while one on Comparative Philosophy. Mariefe Cruz explores Romualdo Abulad's notion of one's conscious effort towards Criticism (*Pagpupuna*) while Stephen Marl Bayot reexamines and expounds on the idea of *Kanita* as Roque Ferriols introduced this concept in his *Pagmemeron at Sangkameronan*. Additionally, Christian Zeus Suazo writes an article on the theme of East-West Comparative Study with a dialogue on Confucius' Virtue of *Ren* and Wojtyła's *Participation*. This endeavor marks a first for the journal.

Since it is through writing that philosophy is able to contribute to society, this journal marks another first with the introduction of a new section, *The Agora*, which provides undergraduate students a tangible context to philosophical ideas. This is inspired by a section of the *Zeitschrift für Praktische Philosophie* and the *Praefktisch* blog of the University of Salzburg, Austria that offer German philosophical articles a forum beyond the usual confinements of academic discourse. In the context of *Talisik*, *The Agora* is a forum for philosophizing – following the Greek connotation – concerning contemporary social, ethical, and political issues. Its aim is to raise a critical awareness of contemporary events and of how philosophy plays a vital role in thinking about the present. Though primarily for philosophy majors, this forum is cordially extended to those attentive to philosophy's intersection with daily life, offering them an avenue to express their original views beyond accustomed philosophical traditions that may well supplement seminars or conferences or even philosophic conversations among peers. For *The Agora's* debut, Anton Heinrich Rennesland provides a contemporary assessment of nihilism vis-à-vis Peter Sloterdijk's Enlightened False Consciousness. He draws attention to a certain mindless that prevails in a highly complex society and recalls Diogenes as a cynical approach to this form of (false) enlightenment.

We, the Editorial Board of TALISIK 2019-2020, present this current volume as our contribution to promote philosophy both through reading and writing in pursuit of making it thrive amidst a growing social mindlessness. This contribution would not be possible without the people behind this publication. We convey our sincerest gratitude to Dr. Paolo Bolaños for his unwavering support and guidance and for leading the Philosophy Department to imbibe reading and writing culture. This gratitude is cordially extended to Dr. Roland Theaus Pada for his guidance along with Mr. Ranier

Abengaña for his management and provisions on this volume. We thank all the reviewers who extended their help to ensure the quality of this journal and we wish to congratulate all contributors whose works are not published. Lastly, the Editor-in-Chief would also like to thank this publication year's Associate Editors, Mr. Franz Joseph Yoshiy II, Ms. Raphaella Elaine Miranda, and Mr. Anton Heinrich Rennesland in volunteering for the position, and for their active participation in the reviews, and in the trainings for the next batch of editors.

Returning to Dr. Abulad's words, we renew our thrust to provide an avenue for philosophy's intersection with everyday life. It is only by seeing that theory is not separate from action that philosophy is understood in an organic way and not merely reserved for those who have passed through the academic halls. Through our dedication to both reading and writing supplemented by a mindfulness to the signs of the times can philosophy start from the margins, a philosophy from one's perspectives bearing in mind Adorno's words that the splinter in one's eye is one's own greatest magnifying lens. It is only by engaging with the texts, engaging with social reality, that one philosophizes.

The Editorial Board
2019-2020

ABOUT THE CONTRIBUTORS

STEPHEN MARL B. BAYOT is an incoming third-year undergraduate student of philosophy from the University of Santo Tomas, Faculty of Arts and Letters. His current research interests involve the philosophies of Slavoj Žižek, George Friedrich Wilhelm Hegel, and Roque Ferriols.

MARIEFE B. CRUZ is an incoming third year Philosophy student of the University of Santo Tomas. She is presently the Committee Head on Academic Development of the Concilium Philosophiae, the official student organization of UST AB Philosophy students. For the past year, she has presented papers on Filipino Philosophy in conferences both in UST and De La Salle University. Her current research interests include Phenomenology, Philosophical Anthropology, and Filipino Philosophy leaning towards Intellectual History and Critical Filipino Philosophy.

CHRISTIAN ZEUS S. SUAZO is an incoming third-year undergraduate student of the UST AB Philosophy Program. He is also the current Community Development Committee Head of the UST Concilium Philosophiae, the official organization of AB Philosophy Students. His research interests include Karol Wojtyła, Philosophy of Religion, and Christian Philosophy. His paper entitled “Between the Wojtylan Theory of Participation and the Confucian Ren: An Anthropological Dialogue” was presented during the John Paul II Centennial International Conference held last January 16 – 18, 2020 at the University of San Jose Recoletos, Cebu

ANTON HEINRICH RENNESLAND obtained his BA and MA Philosophy degrees, with both theses garnering a perfect score, from the University of Santo Tomas, Manila, where he is currently a faculty member of the Department of Philosophy. He has presented in conferences in Europe, Australia, and Asia, and has published several journal articles along with forthcoming book chapters on his fields of interest: Friedrich Nietzsche, Peter Sloterdijk, and Comparative Philosophy

TALISIK: An Undergraduate Journal of Philosophy

Volume 7, Number 1 August 2020

Articles

- 1** STEPHEN MARL B. BAYOT
 Sa Ganap at Gana ng Kanita sa Sangkameronan at Pagmemeron
- 9** MARIEFE B. CRUZ
 Si Abulad at Ang Kamalayang Pumuna: Tungo sa Isang Makabagong Pagtanaw sa Kritikal na Pilosopiyang Filipino
- 26** CHRISTIAN ZEUS S. SUAZO
 Between the Wojtyła Theory of Participation and the Confucian Ren 仁: An Anthropological Dialogue Context

AGORA: Free Papers

- 45** ANTON HEINRICH L. RENNESLAND
 Nihilism Today: Enlightend False Consciousness

Sa Ganap at Gana ng Kanita sa Sangkameronan at Paggamiton

Stephen Marl B. Bayot

University of Santo Tomas | stephenmarl.bayot.ab@ust.edu.ph

Abstract: The paper seeks to emphasize the importance of the word *Kanita* in Ferriols's thought regarding the interpersonal ability of the I to *Meron*. The highest form of human consciousness is his capacity to do *Kanita* with others. The discourse would be done in an expository way but since Ferriols himself did not explain the concept well in fact the word was discussed briefly in just half a page and after that the word is not that mentioned anymore which is due to the nature in which our language was recorded and evolved resulting in less consciousness regarding the word's usage, there is a need to further interpret it in connection with his thoughts, specifically *Meron* since it is a key idea in his Philosophical system. There would be comparisons with similar concepts in other foreign thoughts like *Elenchus* and *Ren*; so that, the difference of *Kanita* as a Filipino concept would be further realized. It is imperative, then, to expound *Kanita* in these following contexts: the impact of such on the Ego (*Ako*) and Thou (*Ikaw*), the effect of the Ego (*Ako*) on *Meron* through *Kanita*; and the ability of a Being to do *Kanita* - and due to such, the following should be explicated: *Ako*, *Ikaw*, and *Meron* in the context of *Kanita*. After this, the meaning of this word which Ferriols seek to revive would be mainly examined using his work entitled *Pambungad sa Metapisika*, *SULYAP sa akíng pinánggalíngan*, and *Pilosopiya ng Relihiyon*. This paper would delve on the following questions: what exists in the strictly dichotomous way of philosophizing? Are there different states of *Kanita* in the Ego (*Ako*)? Lastly, this paper would show the significance of *Kanita* in preserving a form of freedom that stems from the tacit open mindedness and a purposive forwarding of *Kanita* on the consciousness and further it as a concept through the élan of *Meron*

Keywords: *Kanita*, *Meron*, *Ako*, *Ikaw*, *Roque Ferriols*

Panimula

I sa na marahil sa mga pinakamahalagang kasangkapan na magagamit upang marating ang sangkameronan ay ang *Kanita* na sa mismong mga salita ni Ferriols:

“Dalawa lamang ang nag-uusapan: isa sa isa. Ikaw sa akin, ako sa iyo. Mukha sa mukha. Kaya’t sasabihin ko: nag-uusapan *kita*. Ito ang *kantitang* salitaan”.¹

Sa kahit anong kasaysayan ng kung anumang Pilosopiya na umiiral ngayon, hindi nawawala sa usapan lagi ang konsepto ng dalawa tulad na marahil ng *Elenchus*, kung saan mayroong bastang dalawang nagtatalastasan upang tulungan ang kasama na ma-*anamnesis* o maalala ang isang kaisipan; sa mga Tsino naman ay may kaisipan ng *Ren* na matatagpuan naman natin ang bastang dalawang umiiral

¹ Roque Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, Manila: Ateneo de Manila University Press, 1991, pp. 14-15.

na at ang tao ay nagpapakatao hindi dahil sa kaniyang kaisahan, ngunit dahil sa iba pang umiiral na kailangan niyang isaisip palagi.²

Isang Maikling Kasaysayan ng Kanita

Ngunit ano nga ba talaga ang Kanita? Dahil wala naman noong naisulat na mga aklat ang mga katutubo ukol sa mga kahulugan ng mga salita, kailangang tignan ang kahulugan nito base sa naisulat ng mga dayuhan. Ayon sa mga sinaunang talasalitaan na nailimbag ng mga Kastila, kung saan naisulat ito bilang *kanita*, sinalin nila ito bilang *nuestro* o kung muling isasalin sa Filipino ngayon ay atin (maaari din ang salin na amin sapagkat walang konsepto ang mga Espanyol ng kaibahan ng amin at atin), pero nawawala yata ang salita lalo sa ganitong pamamaraan ng pag-alam, ating usisain nang masmalaliman.³ Ano nga ba ang pinagkaiba ng amin at atin sa kanita kung *nuestro* lamang ang pagkakaunawa ng mga Kastila dito? Ang ibig sabihin ng amin sa parehas na talasalitaan ay *nuestro*⁴ at ganoon din ang salin sa salitang atin.⁵ Ngunit kung titignang muli ang pagkakabigay ng kahulugan sa mga salitang ito, mapapansin na higit na marami ang naibigay na kahulugan sa amin at atin dagdag pa rito ay may mga halimbawa ring naibigay kung paano ito ginagamit noong panahong iyon, ngunit sa kanita, kulang na kulang maging sa konteksto kung saan ito maaaring gamitin, talagang *nuestro* lamang ang nakatala sa lugar kung saan nilalagay ang kahulugan. At tila ba sa panahong ito, wala na masyadong nagbibigay ng pansin sa salitang ito sa punto ng halos pagkalimot ng saling lahing ito. Kahit ako ay umaamin na kahit ni isang beses sa buhay ko ay hindi ko nakita o narinig ang salitang ito at ang malala pa niyan ay nananahan ako sa bahagi ng Filipinas kung saan buhay na buhay pa ang pananalita ng Tagalog lalo na sa matatanda. Kaya't mahirap ng tukuyin ang talagang kahulugan ng salitang ito dahil sa kakulangan ng wikang Espanyol upang bigyan ng wastong salin ang salitang ito, kakulangan ng paggamit sa modernong panahon, pati na rin ang halos na pagkalimot sa nakakaalala pa.

Lalong yayabong ang Kanitaang salita kung magbabanggit ng isang pangyayari sa buhay ni Ferriols kung saan maaaring usisain ang Kanita:

“Pero pinamulat niya sa amin na ang daigdig ng mga makata ay lahat ng wika. Na ang tula ay bunga ng malalim na pagpasok, pagtanggap, at ligaya sa talagang totoo. Kailangan lamang ang matinding pagkagising. Dahil sa kaniya, napansin namin na ang bawat salita ay may taglay na isip at damdamin. Na ang salitang ‘sa bahay,’ halimbawa at ang salitang ‘sa amin,’ ay halos parehong isip ang taglay, pero kay init ng damdaming taglay ng salitang ‘sa amin.’”⁶

Mahihinuha natin ang mga sumusunod na mga palagay galing sa nabigay na halimbawa: a. May isang uri ng pagkamulat sa Kanita, b. Kahit ang mga katawa’y lumipas na, ang mga salitang binabahagi nila ay may ilab at damdamin pa din, nangunguhulugang ang lalim ng Kanita ay umuugat sa sinaunang talastasan, sa muling pinapairal, at lalo na sa mga itinutuloy at hanggang ngayon ay muling pinapairal kung hindi pinagpapatuloy, c. Hindi sumasailalim sa anumang wika ang Kanita, sapagkat ang lahat ng

² Ang, Richard G., OP, *Between the Confucian Li and Ren: A Philosophical Hermeneutics*, Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2018, pp. 79-80.

³ Juan de Noceda, P. Pedro de Sanlucar, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, Manila: Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1860, p. 81.

⁴ De Noceda, Juan and de Sanlucar, Pedro, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, p. 11.

⁵ De Noceda, Juan and de Sanlucar, Pedro, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, p. 18.

⁶ Roque Ferriols, *SULYÁP sa aking pinánggalíngan*, Manila: Ateneo de Manila University Press, 2016, p.121

wika ay may taglay na kakayahan upang tumulong sa tao na maabot ang “talagang totoo”, d. At kahit na may mga salitang pare-pareho lamang ng kahulugan, may mga salitang umaangat, hindi dahil sa kahulugan, kundi sa pakahulugan ng mga gumagamit. Sa huli malayo ang *Elenchus* sa Kanita dahil ang Kanita ay ang pagbabahagi ng mga salita mula sa mga tao ngayon at sa mga nabuhay na noon at iba rin ito sa *Ren* dahil hindi lamang ito tungkol sa pagpapakatao kundi ito ang nagpapatao sa isang tao. Sa madaling sabi, ang Kanita ay hindi ang muling pagsasamero ng tao, ni ang pagpapakatao, ngunit ang buong laya at ubos lakas na pagkagat ng tao sa Meron.⁷

Ang Pagtatalaban sa Kanita

Kung may pagmulat, mayroong pagtalab para itong bagong lutong pagkaing nakakahalina ang amoy: nagkakaroon ng gana sa loob ng tao upang makipagsabayan sa talab ng hiwaga. Masasabi bang hindi nakakahalina ang mga hiwa-hiwalay na sangkap? Hindi naman, ngunit sa pamamagitan ng pagbuo ng isang bago o matapos ang ilang panahon na nakakapagpabago, may pagkahalina ang Ako upang alaming ulit ang bagong ito, ang pamilyar ang nakakahalina, samantalang ang bago ang nakakaintriga. Kaya't sa pagkapansin ng kakulangan, sinusubukan ng Ako na bunuin ito sa pamamagitan na pagtatalaban sapagkat sino ba, na sa pagkapansin niya, ang nasasapatan na sa kulang? Kung mapapansin natin, may tinatalaban sa pangyayaring ito at kung gayun nga may tumatalab tila ba may mga bagay na nais magpapansin sa Ako, isang tumatawag, sumisigaw para makapukaw ng atensyon at pati na rin ng damdamin. Itong tumatalab at nagpapapukaw na bagay na ito ay tinatawag na Meron at malalim ang gana nito sa taong talagang nakakaunawa sa bawat Meron at sa Sangkameronan. Ngunit alam na nating hindi mag-isa ang Ako sa pagdanas sa Merong ito, may gumaganang Kanita kung saan ito ay hindi lamang tungkol sa Ako kundi tungkol din sa Ikaw at ang ganitong kilos ay hindi lamang dahil sa basta upang umalala o basta upang magpakatao, ngunit ang isang banal na pagtanggap na mayroon ngang Ikaw, na may iba ring umiiral na nakakapansin sa Meron.⁸ Isa itong uri ng palabas-paloob at paloob-palabas na galaw, sapagkat ang hinuhubog sa Kanita ay ang mga salita kasama ang mga damdaming nakapaloob dito. Palabas-paloob dahil ang anumang napapangita sa labas ay natatanggap sa loob at paloob-palabas sapagkat ang anumang pinapairal sa labas ay nanggagaling sa loob, kaya ang higit na pagpapairal sa labas ay higit na pagpapairal sa loob, iyan ang pagtatalaban sa kanita: ang nagliliyab na kahulugan na umuugat dahil hindi tatlo, apat, o higit pa kundi dalawa lamang ang nagkakanita kung saan hindi nababaon sa pagkakalimot ng isa at hindi bumababaw dahil sa hindi pagkakaunawaan ng karamihan.⁹ Sa madaling sabi ang Kanita ay kung saan ang mga konsepto ay higit na tumatalima sa isang higit pang konsepto na tumatalima sa Meron dahil sa pagtatalaban ng basta dalawa, ngunit may pagkanais abutin sa ganitong galaw na hindi lamang limitado sa pagkalimot o kababawan ngunit sa isang pagdating sa tunay na totoo.

Ang Tunghin ng Kanita

Mahalaga ang paggalaw ng kanita dahil may umuusbong na pagpakukumbaba sa panig ng Ako na sumasali sa laro ng diskurso dahil alam niya na ang naisakonsepto na ay kailangang ulit-ulit na ibabad sa talagang Meron. Mayroong pagkakailangang sumangguni ang Ako dito sa dahilang ito: ang Meron kailanman ay hindi kayang angkinging buo ng Ako at sa ganitong lagay may pangangailangan na laging iwasto ang mga konsepto sa Meron dahil kung ang isang tao ay makuntento na sa kung anong

⁷ Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, pp. 21-22.

⁸ Roque Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, Manila: Ateneo de Manila University Press, 1995, pp. 63-64.

⁹ Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, P. 15.

naisakonsepto na niya, nagiging mali na ang mga pananaw niya sa totoo hanggang sa ang konsepto at ang totoo kahit na magkapangalan pa ay magiging magkaibang magkaiba. Ano naman ang tungkulin ng ikaw sa galawang ito? Maliban sa pagpapaigting ng kahulugan at ang pag-alala sa konsepto, nagsisilbi ang Ikaw bilang isang higit pa, isang kasama tungo sa sangkameronan. Sapagkat ang tunay na Meron ay hindi kayang abutin ninuman mag-isa dahil bahagi na yata ng salitang katotohanan ang katoto at tahanan, ang ibig sabihin lamang nito na ang Meron bilang Katotohanan ay isang bahagi ng sangdaigdigan kung saan nananahan ang mga magkakatoto.¹⁰ Hindi malinaw kung paano isinasagawa ang pagdating sa talagang Meron, ni kung kailan nakakamit, ngunit ang punto ng kanita sa huli ay hindi ang makuhang lubos ang Meron sa buong tayog at kagandahan nito sapagkat ito ay pabago-bago kaya't delikado ang ganiyang tunguhin sapagkat kung gayun nga, may uusbong na bagong katamaran o ang pagkaotomatik. Pero, ang tunay na tunguhin ng Kanita ay ang pagpapasok ng Ikaw sa Ako at gayundin na hayaan ng Ikaw ang Ako na pumasok sapagkat sa ganoong paraan lamang talagang mayroong kikislap sa dalawa at mahalaga itong kislaping ito dahil dito higit na nabubuo ang konsepto ng Meron. Ang ibig sabihin nito ay ang tunay na pagkalisto ng Ako, ang pagkatanggal ng pagkaotomatik nito na may buong kaalaman ang Ako na kailangan niyang palawigin ang kaniyang daigdig upang lalong mahayaan ang pagpasok o upang madama ng buo ng Ako ang Ikaw. Sa huli, ang pagkikislap ay hindi lamang ang bastang pagdalaw ng Ikaw sa Ako bilang basta pagdalaw ngunit ito ay isang paggaganahan ng karanasang nababalangkas sa wika kaya masasabi na hindi lamang ang mga taga-ibang lupalop ang maaaring sabihan na mayroong banyagang wika, ngunit pati na rin ang ating mga kababayan. Ang bumigkas, humiram, at magbahagi ng mga salita ay isang taos-pusong pagdanas din sa sangkameronan sapagkat ang pagtanggap sa konsepto ng iba ay ang isang pagbubuo ng sangkaisipan na dapat pairalin sa wastong pamamaraan kung saan ang Kanita ay maiituloy pa, hindi isang pagkabastang tumigil o pagkakuntento sa isang nabuong higit na malalim na konsepto sa ganitong paraan.¹¹

Ang Anti-otomatik patungo sa Pagkikislap

Mayroong dalawang uri ng paghabol at paghuli sa Meron: ang pagkaotomatik at ang pagkikislap sa kanita. Nagmumula ang dalawang gawain sa unang pagkamulat ng isang tao sa mga bagay-bagay na pumapalibot sa kaniya at dahil kailangan niyang mabuhay, kailangan niyang tandaan kung paano makipagtalaban sa mga ito upang mabuhay siya. Ngunit mayroong mga taong hanggang dito na lamang sa pag-aalala ng mga bagay at ang mga interaksyon na kailangan niya dito nahihinto ang kanilang talagang pagtatalaban. Iyan ang masasabing pagkaotomatik, hindi naman masama ang ganitong uri ng pag-iral sapagkat halos lahat ng panahong nabubuhay ang isang tao, umaasa siya sa otomatik. Hindi niya kayang kaagarang mag-isip tulad na lamang sa mga pagkakataong nalalagay sa panganib ang kaniyang buhay o may ibang bagay na kailangan pagtuunan ng pansin at sa ganitong mga kalagayan, maaaring isaotomatik muna ang mga kaisipan upang mahuli ang isang bago. Ngunit namamatay ang tao kapag nilalamon siyang buo ng pagkaotomatik, kung saan ang kilos ay hiwalay na sa isip, kung saan ang paggalaw ay isang uri na lamang ng bastang paggalaw, kung saan may nakahanda ng galaw o kilos sa isang bagay o isang pangyayari, walang hinto, walang bago, walang buhay.

Mayroong nakakalumbay at nakakatakot na pagkalamig sa ganitong uri ng pag-iisip sapagkat wala na talagang damdamin sa ganitong kilos. Isipin na lamang sa inyong baryo o komunidad, pare-

¹⁰ Isang Konsepto na dapat pansinin kay Ferriols ay ang pagtingin niya sa Katotohanan ng ganoon na talagang kailangan niya ng mga katoto at tahanan: ang dalawang nagpapangalaga at nagpapatindi sa iral ng mga salita.

¹¹ Strebel, Wilhelm Patrick Joseph. "Pitong Sulyap sa Pilosopiya ng Wika ni Padre Ferriols." *Kritike* 12, no. 1 (2018): 48-52.

parehas na nga ang binabati, pare-parehas pa ang sinasabi, pare-parehas lamang din ang ayos ng mukha at pati na rin ang kilos, maging na rin sa pare-parehas na bilang ng oras ng pagsasagawa ng kilos: mayroong pagbigkas ng pagbati sa ganitong eksena ngunit mayroon ba talagang naganap na pagbati o ang ganitong uri ng pagbati ay isa lamang sama-samang galaw na basta ginawa at nagkataon lamang na hindi sumasala ang kilos dahil sa presisyon, hindi ba may pagkamatay ng kalayaan ng kilos sa ganito na tila ba para ng makina? Iyan mismo ang dahilan kung bakit kailangan ng uri ng pagkikislapan sa ilalim ng Kanita. May sumisibol na bagong lakas dahil sa kalayaan ng dalawa na makipagsabayan sa Meron habang nakikipagsalimuha sa isa't isa. Sa ganito, hindi sarado ang mga isipan sa talagang umiiral kundi lalo pang bumubukas, kaya't may talagang galak at pagdiriwang sa Meron, may laging bagong nakikita at lalong lalo na may mga bagong damdamin na pumaparoon at parito sa pagitan ng dalawa: masasabi natin na may buhay sa ganitong pag-iral ng kalayaan na para bang lumalago ng lumalago at hindi nagpapatnag sa takot sa hinaharap o nalulong sa sarap ng kahapon, ang Kanita ay isang pagiging buhay ngayon mismo. Ang Kanita ay ang kataas-taasang paggalang na may maaambag pa ang labas sa loob, na may higit pang maiialab ang loob kung iugnay ang sarili nito sa labas, hindi lamang dahil sa kung ano ang Meron ngunit dahil na rin sa pagkaalab ng iba pang mga loob na tumutungo sa liyab ng Merong ito.

Ang Isang pakikipagtagpo sa Talaga

Mayroong pakikipagtagpo sa Kanita, tulad ng nabanggit sa una, may pagnanais dahil may tumatalab, mayroong tumatagpo sa Ako: ang Ikaw, may isang masidhing uri ng pagnanasa kung saan nais ng Ako, hindi lamang malaman kung sino ang Ikaw, ngunit ang ibahagi ang mga saloobin nito na matapos dumama ay magpadarama.¹² Ngunit ano nga ba ang Ikaw? Kung susuriin natin ang pangaraw-araw na paggamit sa salitang ito, may iba't ibang gamit ang salitang Ikaw ngunit nais kong limitahan lamang ito sa mga sumusunod upang talakayin: a. "Hoy ikaw!" kung saan ang ikaw ay panawag, kung saan may pagpukaw sa Ikaw na talagang kailangan ito ng Ako, b. "Ikaw nga!" kung saan may pagkagulat ang Ako sa pagkamulat niya sa Ikaw, c. "Ikaw na nga" marahil madalas itong gamitin upang ipataw sa Ikaw ang isang gawain, ngunit higit na mahalagang isaisip na ginagamit din ito bilang isang taos-pusong pagtanggap sa Ikaw na maaaring umabot sa punto kung saan nauunawaan ng Ako na hindi niya kayang kimkimin ang Ikaw. Sa madaling sabi ito ay ang pagdanas, pagkagulat, at pagkatapos, isang pagtanggap sa isa pang Ako o sa Abang Talaga. Ang tatlong ito ay ang pakikitagpo sa Talaga ngunit ang bastang pagdanas ang pinakamababa kung saan tinatawag ng Ako ang Ikaw dahil mayroong pangangailangan, ito ang unang bahagi kung saan nabubuksan ang loob ng Ako sa Ikaw.

Ang sumunod dito ay ang isang pagkagulat na sa paulit-ulit na pagdanas sa isang Ikaw, natatagpuang muli ng Ako ang Ikaw sa iba pang mga paraan at ang tunguhin nito ay paunlarin ng Ako ang isipan nito sa Ikaw. Karamihan ng pakikipagtagpo sa Ikaw ay natatapos lamang sa pagdanas at ang iba naman ay natatapos na sa pagkamulat at pagkatapos, mayroong pagbalik sa pagkaotomatik, ang siyang dating Ikaw ay naging isang bagay na lamang at sa mayroong pagkamatay sa relasyon tuwing nilalamon ang ugnayan ng Ako at Ikaw ng Otomatik! Kaunti lamang ang humahantong sa pagtanggap sa Ikaw, ang pagtanggap na kahit anong gawin ng Ako, hindi nito mahuhuli kahit ang isang katiting ng Ikaw at ang kaya lamang ng Ako ay tanggapin ito ng walang pasabi ni pagtatangi. Wala ng pagpataw at wala na ring pagkagulat sa pagtanggap dahil alam na ng Ako na kahit ibuhos niya ang kaniyang buong lakas at panahon, hindi nito maaangkin ang Ikaw ngunit may isang pagkalubos-lubos pa kung mayroong pagkatanggap dahil mayroong nawawala kapag inaangkin at may tumutubo kapag

¹² Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, p. 43.

hinahayaan. Ngunit ang Ikaw ay hindi lamang tumutukoy sa isang ikaw, ni sa isang pangkat ng Ikaw, maaari itong tumukoy sa isang banal na Ikaw sa isang higit na mataas na Meron.

Sa madaling sabi, ang talaga ay itong humigit pa sapagkat sa pagkagulat ng Ako sa kakulangan ng kaniyang pagkakaalam, napapatanong ito ng: “ano ba talaga ang nangyari” o di kaya’y sa kalituhan ay napapasabi ng, “ano ba talaga?”. Hindi natin masasabing ang Talaga ang kabuuan, ngunit isa itong higit na kalaliman na kailangang suyurin pa o mga tirang hindi pa na hahalungkay. Ang aba naman ay tumutukoy sa isang pagpapaalala na matagal ng ganun o di kaya’y walang sinuman ang nakakaalam, isa itong pag-amin ng tao na kahit siya ay walang total na kapangyarihan sa mga kaganapan ng mundo. Ang pakahulugan lamang ng Abang Talaga ay ganito: isa itong pagkahigit na naririyang bago pa ito mapansin ng Ako, ang pagtanggap sa ganitong kalagayan ng sangkameronan ay nangangahulugang pinaiigting ng Ako ang pagkagat nito sa Meron, sa umiiral.

Mahihinuha natin na ang pagdanas ng tao ay hindi lamang kaagad nahihinto sa kaniya ngunit bilang tao nais niya itong ipadama sa iba, kaya ang pagdanas ay may pinapatunguhan, ngunit hindi laging isang partikular na Ikaw ang pinapatunguhan tulad nila Jose, Juan, Samanta, o kung sino pang tao, kundi maaari din itong humantong sa isang Omega, isang konsepto na bumubuo sa Alpha (Ang simula), ang katapusan na mahahanap sa paniniwala ng mga Kristiyano.¹³ At sa bawat ikaw, paulit-ulit ang tao sa isang kilos ng danas-gulat-tanggap, kaya may iba’t ibang relasyong ang isang tao sa bawat Ikaw ng sangkatipunan ng mga Ikaw, ngunit sa puntong Omega lamang ang lugar kung saan ang malay-tao ng tao ay tinitipon at iniingatan niya.

Paglalagom

Napagtanto at nabigyang buhay ngayon ang salitang Kanita, isang konsepto na dapat muling pairalin sapagkat ito ay natatangi at may pagkahigit pa sa pakahulugan na naunawaan ng mga naunang dayuhan. Isa ito sa mga salitang nagpapakita kung gaano kayaman talaga ang wika at kung gaano kataas ang diyalektiko ng mga ninuno sa Meron. Nahinuha rin na ang kahalagahan ng Kanita ay nagmumula sa isang dinamiko sa loob ng Ako kung saan hindi lamang ito nagnanais na kagatin ang Meron, kundi tupdin ito sa isang higit na paraan. Isa itong pagdating sa katotohanan na hindi kaya ng Ako na akuin ang sangkameronan ngunit kaya nitong paigtingin ang kaniyang kairalan sa Meron kung makikipagkanita ito sa iba, ang isang lubos na pagtanggap sa Ikaw. At kapag naabot na niya ito ay may pagkamasumpung na hindi pa tapos ang Kanita sapagkat may isa pang Ikaw na higit pa sa kahit sinong Ikaw, isang Ikaw na kay taas: ang Abang Talaga, ang Omega, ang Bathala, ang Panginoon, iba-iba ng ngalan ngunit nagpapakita ng isang pakahulugan, ang isang higit pa, ang isang nahihimlay ng buo sa Sangkameronan o marahil ang gumawa dito.

Wala na namang bago sa pangaraw-araw na karanasan ng tao marahil nga laos na ito sa higit ng dumanas sa Meron, ngunit iyan ang gana ng Kanita: ang panghabangbuhay na pagsasabago ng umiiral na. Ang palagiang pagwawasto ng Konsepto na umiiral sa Kaisipan at ang Meron na talagang umiiral, isang pagpapatuloy ng malalimang pag-usisa ng mga nauna na sa kinairalan nila na kung saan nananahan pa rin tayo sa pamamagitan ng pagbuhay, pagpapanatili, o pagpapaigting ng mga Salita. Ang isang lihim na pag-amin ng ermitanyo na laging may nalalaman pa na bago sa talagang Meron at ang tanging paraan upang galangin ito ay ang pagpapanatiling pagbubukas sa isipan at ng kalooban,

¹³ Mark Joseph Calano, “Tao bilang Tagpuan: Roque Ferriols, San Agustin, at ang Puntong Omega,” *Kritike* 12, no. 1 (2018): 22-23.

isang tuluyang pagtanggap, na kahit sa pag-aalay niya ng kaniyang buhay upang makaalam, kailangang aminin pa rin niya na tanga siya na may kailangan pa siyang danasin mula sa Meron.¹⁴ Ang pagtanggap sa katotohanang hindi lubusang nakukuha ang Meron, ang Konsepto ng Ikaw, at lalo na ang Ikaw-mismo ay isang paggalang sa kaganapan ng mga ito. Mayroong palaisipan si Ferriols ukol dito:

“Natanaw yata ng mga sinaunang humubog sa ating mga sari-saring wika, na ang abot-tanaw ng totoo ay tigib ng ugnayan. Ugnayan ng pangyayari sa pangyayari, ng angkan sa angkan, ng kalooban sa kalooban. Naunawaan nila na bukal sa mismong pagkasarili ng bawat tao, na magkaroon, tumanggap, lumikha ng ugnayang ito. Tinatanaw nilang sagrado ang ugnayan. Mula sa ugnayang ito lumitaw ang salitang “utang.” Utang ng taong manatiling tapat sa tunay na pakikipagkapuwa sa kinapal, pakikipagkapuwa sa Maykapal. Alam nila na may tunay at mapaglikhang pagtupad sa ugnayan, at meron namang huwad at nakakawasak na pagtanggap tupdin.”¹⁵

Sa huli, hindi talaga sapat na mahuli lamang ang Meron sa pamamagitan ng mga konsepto at kaisipan, hindi rin sapat na habulin itong mag-isa sapagkat may mga nauna na at higit na makakatulong sa paghuhubog ng kaalaman na sumangguni dito. Kaya dalawa ang kinahahantungan ng nagkakanita: ang pagrespeto sa lumalagong buhay na katotohanan at ang pag-alala sa ng Ikaw bilang ninuno, kasama, at ang Maykapal. Sa ganitong pakikitagpo lamang kayang habulin ang Meron, kung nahahabol man ito. Wala naman talagang nagtatago sa kamalayan ng tao, maliban na lamang sa mga bagay na sarado ang kaniyang utak, walang mararating ito kundi ang isang totoong kahunghangan, walang kilos at kahulugan sa ganitong ugali, may pangangailanang palagi, kahit anong taas pa ng karunungan, na bumaba, sisirin, at danasin ang Meron. Ngunit, mabilis makalimutan ang nananaig na Meron kung hindi pananatalihing bukas ng Ako ang sarili nito sa pamamagitan ng Kanita, ang bukas at taimting pagtanggap sa Meron.

¹⁴ Emmanuel de Leon. “Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, S.J.: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino,” *Kritike* 9, no. 2 (2015): 48.

¹⁵ Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, pp. 235-236.

Mga Salik/ References

- Ang, Richard G., OP. *Between the Confucian Li and Ren: A Philosophical Hermeneutics*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2018.
- Calano, Mark Joseph. "Tao bilang Tagpuan: Roque Ferriols, San Agustin, at ang Puntong Omega." *Kritike* 12, no. 1 (2018): 21-38.
- De Leon, Emmanuel. "Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, S.J.: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino." *Kritike* 9, no. 2 (2015): 28-50.
- De Noceda, Juan; P. Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Manila: Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1860.
- Ferriols, Roque. *SULYÁP sa aking pinánggalíngan*. Manila: Ateneo de Manila University Press, 2016.
- Ferriols, Roque. *Pambungad sa Metapisika*. Manila: Ateneo de Manila University Press, 1991.
- Ferriols, Roque. *Pilosopiya ng Relihiyon*. Manila: Ateneo de Manila University Press, 1995.
- Strebel, Wilhelm Patrick Joseph. "Pitong Sulyap sa Pilosopiya ng Wika ni Padre Ferriols." *Kritike* 12, no. 1 (2018): 39-55.

Si Abulad at Ang Kamalayang Pumuna: Tungo sa Isang Makabagong Pagtanaw sa Kritikal na Pilosopiyang Filipino

Mariefe B. Cruz

University of Santo Tomas | mariefe.cruz.ab@ust.edu.ph

Abstract: It has long been endeavored in the Philippines to promulgate a kind of thinking that is centered on being conscious and critical— not only upon the issues confined within our society, but also in other aspects of our being Filipino— our way of valuing, our way of feeling, our historical perspectives, our worldview, and so much more. One of the proponents of this kind of thinking is the Thomasian philosopher Romualdo E. Abulad, SVD. In line with this, this paper aims to (1) take a look into the critical discourse which Abulad furthers through an analysis of some of his works pursuant to this discourse. In the said analysis, the author will (2) attempt to bring to light the kind of critique that Abulad promotes from specifically chosen articles, and give prominence to his philosophical goal which centers on the propagation of critical consciousness. With regard to the prior engagement on Abulad, this paper will also seek to (3) review the discourse on Critical Filipino Philosophy and the place of an Abuladian critique in the said discourse. It is crucial to once again examine the prevailing discourses in the history of Filipino Philosophy and their problematics in view of the need for thorough analysis of their contributions, not only in the furthering of philosophy here in the Philippines, but also in their potential contribution in the the lives of every Filipino

Keywords: *Romualdo Abulad, Kamalayang Pumuna, Kritikal na Pilosopiyang Filipino*

Panimula

Tatlumpu't limang taon na ang nakalipas mula noong 'pinatay' ni Romualdo Abulad ang katanungan hinggil sa pag-iral ng pilosopiyang Filipino.¹ Bagaman may iilan pa ring nakatuon ang mga paksain at debate sa argumentong ito, mahihinuha pa ring nakatayo na ang mga kasalukuyang tagapagtaguyod ng pilosopiyang Filipino sa isang napakahalagang yugto sa kasaysayan ng pilosopiya dito sa Filipinas. Sa loob ng nakaraang tatlumpu't limang taon ay maraming proyekto at pananaliksik na ang naisakatuparan na may layuning lalong makapag-ambag at makiisa sa pagbangon ng pilosopiyang Filipino mula sa kanyang pagkakabansot. Ang isa sa mga dambuhalang proyektong naisakatuparan na ay ang masusing pag-aaral at pag-uusisa sa mga naging ambag ng mga Tomasinong dalubhasa sa pamimilosopiyang Filipino. Sa kanyang disertasyon,² sinubok ungkatin ni

¹ Makikita ang talakayang ito sa kanyang artikulong "Options for a Filipino Philosophy" (1984).

² de Leon, Emmanuel C. "Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino; Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co". PhD dissertation. University of Santo Tomas. 2017.

Emmanuel de Leon ang mga talambuhay, mga pangunahing diskurso, mga layuning pilosopiko, at ang mga naging ambag sa pagpapayabong ng pilosopiyang Filipino ng anim na pangunahing Tomasinong pilosoper na sina Emerita Quito, Leonardo Mercado, Florentino Hornedo, Florentino Timbreza, Romualdo Abulad, at Alfredo Co. Bago pa man lumabas ang disertasyong ito at naging libro, may iilan na ring nailimbag na mga artikulo at pananaliksik hinggil sa mga pilosoper na ito, subalit tila may kasalatan pagdating sa mga talakayan hinggil sa mga diskurso ni Abulad.³ Sa saliksik ni de Leon (2017) hinggil sa mga diskurso ni Abulad, apat ang lumabas na pangunahing diskurso. Ito ang mga sumusunod: (1) eksposisyong ng mga banyagang sistema, (2) *critical analysis* sa akademikong pamamaraan, (3) paggamit ng wikang Filipino, at (4) apropyasyon ng mga banyagang teorya. Alinsunod nito, susubukin ng papel na ito na (1) bigyang-pansin ang pangunahing diskurso ni Abulad hinggil sa *critical analysis* sa akademikong paraan sa pamamagitan ng pagsusuri ng ilang mga piling akda niyang nakalinya sa diskursong ito. Kaakibat nito, magkakaroon din ng (2) pagtatangkang talakayin ang uri ng kritika na matatagpuan sa mga gawa ni Abulad at ang kanyang pilosopikong layuning nakatutok sa pagpapalaganap ng kamalayang pumuna. Sa gagawing pagsusuri sa ilang mga akda ni Abulad, ninanais din ng papel na ito na (3) muling tignan ang diskurso ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino at ang maaaring lugar ng maka-Abulad na pagpuna sa diskursong ito.

Ang Kamalayang Pumuna

Sa muling pagsipat sa ginawang saliksik ni de Leon- sa talambuhay, mga pangunahing diskurso, layuning pilosopiko, at mga ambag sa lalong pagpapayabong ng pilosopiyang Filipino ni Abulad-tatangkin ng papel na ito na magbigay ng mas malawig na pagtatalakay at pagsusuri sa ilang mga piling akda ni Abulad upang lalong mapalitaw ang kanyang pamamaraan ng pagpuna o pagkrikritika. Ipinahayag ni de Leon sa kanyang libro na sa anim na mga pangunahing Tomasinong pilosoper na kanyang sinaliksik ay tila si Abulad lamang ang hindi tuwirang nagsabi ng kanyang layuning pilosopiko.⁴ Ngunit ayon kay de Leon, kung mayroon man tayong maaaring mahinuha sa kanyang mga akda, ito ay ang palagiang pagkakaroon ng aspekto ng “pagpuna.”⁵

Itong pagpuna na tinataguyod ni Abulad ay hindi lamang isang pagpunang alinsunod sa nakasanayan na tila tutuligsain lamang ang mga bagay-bagay, bagkus ito ay isang uri ng pagpuna o kritika na may kasamang paggabay ng kasaysayan. Para kay Abulad, mahalaga itong pagtingin sa mga bagay-bagay gamit ang lente ng kasaysayan, sapagkat sa paraan na ito lalo nating maaintindihan ang mga “bakit” na bumabalot sa mga isyu, pangyayari, o bagay na ating sinusubok na kilatisin. Alalaumbaga, ito rin ay isang pamamaraan upang maging bukás ang ating mga pag-iisip sa iba’t ibang perspektiba at matutong tumingin nang mas malalim sa mga bagay-bagay na ating kinikilatis. Ika nga ni de Leon hinggil dito, “ang pagpuna o kritisismo ay nagkakaroon ng “laman” kung mulat ang isang

³ Nagkaroon si F. P. A. Demeterio III ng isang pagtalakay sa taksonomiya ni Abulad sa kanyang artikulong “Status and Directions for “Filipino Philosophy” in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo and Co” (2013), at si Emmanuel de Leon ay nakapaglimbag ng “An Interview with Romualdo Abulad, SVD” (2016) at sinaliksik niya si Abulad sa kanyang disertasyong ““Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino; Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co” (2017) ngunit tila may kakulangan pa rin hinggil sa lalong pagpapalawig at pagpapalalim ng mga usapin hinggil kay Abulad at sa uri ng pamimilosopiyang kanyang itinataguyod.

⁴ de Leon, Emmanuel C. 2019. Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino. 141. Lungsod ng Maynila: Aklat ng Bayan.

⁵ de Leon, Emmanuel C., *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino*; 142.

kritiko sa kasaysayan ng isang bagay o kaisipan na kaniyang sinusuri.”⁶ Kung kaya, nararapat lamang na maging mulat tayo sa kontekstong nakabalot sa ating mga kinikilatis at pinupuna dahil ito ang magsisilbing pundasyong paghuhugutan ng ninanais nating kritika. Kalakip din ng pagpunang maka-Abulad na nakaayon sa paggiling ng kasaysayan, maaari ring bigyang-pansin ang mga pinagtutuunan ng pagpunang ito—na bagaman nakatutok sa isang pangmalawakang sakop ang kritikang nagmumula sa lente ng kasaysayan, makikita sa mga akda ni Abulad na maaari ring dumako ito sa mas micro na aspekto ng ating kamalayan.

Alinsunod sa mga nabanggit, susubuking palutangin ang ilang mga paksain ni Abulad sa kanyang mga kritikal na akda sa susunod na mga bahagi ng papel na ito. Ngunit bago pa man dumako roon, marapat munang magbigay ng isang maikling talakayan hinggil sa kritikal na aspekto ng Pamimilosopiyang Filipino kung saan maaari nating ipaloob ang isang maka-Abulad na pagpuna.

Ang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino

Isa sa mga pangunahing tagapagtaguyod ng mga diskurso hinggil sa kritikal na pamimilosopiya dito sa Filipinas ang pilosoper na si F. P. A. Demeterio III. Sumibol itong diskurso na ito noong ika-19 na siglo sa mga damdamin at akda ng mga propagandista, at lumawak pa lalo dahil sa paglaganap ng impluwensyang Marxista sa Filipinas noong 1960’s.⁷ Ang pangunahing layunin nitong pilosopiyang kritikal na itinataguyod ni Demeterio ay ang pakikisangkot sa pagsusuri sa kondisyon ng lipunan at pagbuo ng kritikal na mga puna tungkol dito⁸— isang kritikal na pagpuna hinggil sa *soyolohikal*, *politikal*, at *ekonomikal* na estado ng Filipinas.⁹ Ngunit sa paglipas ng panahon, tulad na lamang ng pagyabong ng iba pang diskurso’t agham sa ating bansa, tila may pangangailangan na ring muling usisain ang mga paksaing nakapaloob sa Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino. Kalakip ng naturang pagpapakahulugan, ninanais ng papel na ito na bigyang-diin na hindi lamang nakakulong ang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino sa pagsusuri lamang sa lipunan at pagbibigay ng mga puna hinggil dito, ngunit marapat ding bigyang-pansin ang iba pang mga aspekto at pamamaraan ng pagkrikitikang nakapaloob sa Pilosopiyang Filipino. Bilang isa sa mga pangunahing tagapagtaguyod ng pagpapalaganap ng kamalayang pumuna, maaaring gamitin ang ilang mahahalagang akda ng pilosoper na si Romualdo Abulad upang lalong luminaw ang iba pang mga mahahalagang aspektong nakapaloob dito.

Si Abulad at ang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino: Pagtatanghal sa mga Tema ng isang maka-Abulad na Pagpuna

Sa bahaging ito, sisipatin ang ilang mga pangunahing artikulo ni Abulad, at susubuking talakayin ang ilang mga mahahalagang bahagi at konteksto sa likod ng mga artikulong ito na

⁶ de Leon, Emmanuel C., *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino*; 142

⁷ de Leon, Emmanuel C. 2015. "Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, S.J.: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino." *Kritike* 9 (2): 29.

⁸ Atim, Ben Carlo N. 2017. "Ang Diskurso ni Feorillo Petronilo Demeterio Tungkol sa Pilosopiyang Pilipino: Isang Pagsusuri." *Kritike* 11 (2): 28-53.

⁹ Bagaman hindi binigyan ni Demeterio ng isang malinaw na kahulugan ang Kritikal na Pilosopiyang Filipino at ang sakop nito, sa pakiwari ni Atim ay lumutang naman ito sa pagsusuri niya sa ilang mga piling akda ni Demeterio. Tingnan: Atim, Ben Carlo N. 2017. "Ang Diskurso ni Feorillo Petronilo Demeterio Tungkol sa Pilosopiyang Pilipino: Isang Pagsusuri." *Kritike* 11 (2): 28-53.

nakaangkop sa pilosopikong layunin ni Abulad. Kalakip ng gagawing pagtatalakay, susubukin ding palutangin ang mga mahahalagang temang nakapaloob sa isang maka-Abulad na pagpuna. Mula sa pagsusuring ginawa ni de Leon sa mga akda ni Abulad, at sa pag-aangkop ng mga ito batay sa taksonomiya ni Demeterio, minarapat na pumili ng ilang mahahalagang akda ni Abulad na nakapaloob sa diskurso ng *critical analysis* sa akademikong pamamaraan,¹⁰ sapagkat dito maaaring matagpuan ang pinakamainam na mga akdang maaaring gawing daan tungo sa lalong pag-unawa sa isang maka-Abulad na pagpuna.

Pilipino sa Pilosopiya (1976)

Ayon sa pagsusuri ni de Leon, matatagurian ang artikulong ito ‘di lamang bilang kauna-unahang akdang naisulat ni Abulad sa wikang Filipino, bagkus, ito rin ang kauna-unahang akda kung saan mababakasan ang kanyang hamon ng pagpuna, at ang pamamaraan kung saan niya ninanais na magmula ang pagpunang ito.¹¹

Naisulat ang artikulong ito sa panahong wala pang isang dekada ang nakalilipas mula noong naisiwalat ni Emerita Quito sa Discurso de Apertura ang kaniyang “A New Concept of Philosophy” (1967) na naglalayong makapagpamahagi ng iba’t ibang makabagong uri ng pilosopiyang nakadaupang palad niya sa ibang bansa. Dahil na rin sa pagkababad ng mga mag-aaral ng pilosopiya sa Tomismo at Eskolastisismo noong panahong iyon, isang malaking kontrobersya ang lekturang ibinahagi ni Quito. Ngunit bagaman maraming nanibago at nasindak sa mga bagong pilosopiyang itong mayorya ay taliwas sa mga pangangaral ng Tomismo at Eskolastisismo, mayroon din namang mga nasiyahan, na tilabaga’y may pag-asa na tungo sa isang makabagong yugto ang pilosopiya sa Filipinas. Isa na rito si Abulad. Wika niya:

“Basta ang alam ko, suyang-suya na ang mga kaklase ko sa Scholastic Philosophy. ‘Yun ang maaari mong tawaging “sick and tired”. So, noong dumating si Dr. Quito, parang fresh air...almost every semester, may ibinibigay siya parating bagong philosophy sa amin.”¹²

Kaya, sa panibagong yugto na itong dulot na rin ng disgusto ng mga mag-aaral noon sa umiral na dogmatismo pagdating sa pagtuturo ng pilosopiya sa bansa, nagsimula na ang dambuhalang proyektong hilahin ang pilosopiya sa Filipinas sa panibagong, mas bukás at kritikal na direksyon.¹³ Ika

¹⁰ Makikita dito ang isang chart kung saan binalangkas ni de Leon ang mga artikulo ni Abulad na nakapaloob sa ganitong diskurso. Tingnan: de Leon, Emmanuel C. 2019. *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino*. Lungsod ng Maynila: Aklat ng Bayan. 140.

¹¹ de Leon, Emmanuel C., *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino*; 132; 140.

¹² de Leon, Emmanuel C. 2016. "An Interview with Romualdo Abulad, SVD." *Kritike* 10 (1): 5.

¹³ Sa pagnanais na Tomismo at Eskolastisismo lamang ang umiral na pilosopiya sa Filipinas noon, nabara sa pagkadogmatiko ang mga pilosopiyang ito. Buhat ng paglalakas-loob ni Quito na punahin ang ganitong pamamalakad, tilabaga’y sinimulan niyang tangkaing hilahin ang pilosopiya sa Filipinas tungo sa isang panibagong direksyon. Sa panayam kay Abulad, naikwento rin ni Abulad ang kanyang mga karanasan noong estudyante pa lamang siya ni Quito—kung paanong halos mag-isang itinuro ni Quito ang penomenolohiya at eksistensyalismo, at kung paano siya nagpakilala sa kanila ng iba’t ibang paaralang pilosopikal at iba’t ibang mga banyagang pilosoper. Sa ganitong pamamaraan, ‘nagising’ sila sa kanilang dogmatikong pagkakahimbing—na mula sa “pagkasuya”, tilabaga’y nakalaspas sila ng bago, at sa parehong konteksto’y nahimok silang maging bukás at kritikal hindi lamang sa Tomismo at Eskolastisismo (na dati ay nananahan sa dogmatismo at hindi bukas sa pagsusuri at kritisismo), kundi pati na rin sa iba pang mga pilosopiyang ipinakilala sa kanila ni Quito. Tingnan: de Leon, Emmanuel C. 2016. "An Interview with Romualdo Abulad, SVD.: *Kritike* 10 (1): 5.

nga ni Abulad, “Lahat ng sistema ay maaaring maging dogmatic, na parang sasabihin mo na ito lamang ang totoo at lahat ng labas dito ay mali. Ah, hindi na ‘yan uubra ngayon.”¹⁴

Sinimulan ni Abulad ang artikulong ito sa pag-usisa sa lugar ng pilosopiya sa buhay ng mga Filipino.¹⁵ Dahil nga umuusbong pa lamang itong panibagong yugto ng pamimilosopiya sa Filipinas, kaya siguro nasabi ni Abulad na hindi pa laganap ang katuturan ng pilosopiya sa masa. Matagal itong nakulong sa akademya, sa dogmatismong pinairal ng pagtuturo ng pilosopiyang Tomismo at Eskolastisismo, na tilabaga’y itinuring na ito lamang ang pilosopiyang dapat palaganapin at itatak sa bawat mag-aaral. Naging eksklusibo ang pilosopiya sa Filipinas noong mga panahong ito at hindi bukás sa ano mang uri ng diskurso. Ngunit itong panibagong yugto ay hindi payag sa pagpapanatili ng pinid na pinto ng pilosopiya. Ika nga ni Abulad, “Subalit ang pilosopiya ay hindi eksklusibong pag-aari ng mga dalubhasa. Ang huling hantungan nito ay ang diwa’t damdamin ng mga karaniwang taong siyang magpapalago sa mga yamang iniwan ng mga nakalipas na lahi.”¹⁶ Naniniwala siya na hindi lamang natatagpuan sa akademikong larang ang pilosopiya, bagkus maaari rin itong maging tagapagtaguyod at tagapagpadaloy ng buhay, kahit gaano man ito kaordinaryo o pangkaraniwan.¹⁷

Ipinupunto niya rin sa artikulong ito na isa pang pangunahing dahilan kung bakit tila hindi pa kongkreto ang halaga ng pilosopiya sa buhay ng mga Filipino ay dahil na rin nakakulong pa ang mga kaisipang pilosopiko sa wikang banyaga; at dahil dito ay hindi pa basta-basta maipapamahagi ito sa ating mga kababayan. Kaugnay na rin nito ang isa sa mga ipinuntong problema ni Quito sa kanyang librong *The State of Philosophy in the Philippines* (1983) na tumatalakay sa pagkukulang natin hinggil sa pagkabihasa sa mga wikang banyaga.¹⁸ Noong panahong iyon, pangangailangan pa ng mga iskolar ang makapagsalin ng mga pilosopikong teksto upang maging mas aksesibol ito sa kapwa nilang Filipino-madalas ay isinasalin sa wikang Ingles sapagkat kauna-unawa din naman ang Ingles sa mga Filipino. Bagaman sa panahon ngayon ay tila hindi na malaking isyu ang hinggil sa kakulangan ng akses sa mga pilosopikong teksto, buháy pa rin ang paksaing pagsasalin sapagkat ang pinagtutuunan naman ngayon ng mga dalubhasa ay ang pagsasalin ng mga naturang teksto sa wikang Filipino nang may layuning maitaas sa nibel ng akademiko ang wikang tunay nga namang pagmamay-ari natin.¹⁹

Bilang pinakaunang niyang akda na isinulat sa Filipino, marapat lamang na ipinagdiinan din ni Abulad ang kahalagahan ng wika—ng sariling wika—sa patuloy na pagyabong ng pilosopiya sa bansa, ngunit dahil sa industriyalismo at teknolohiya, tila nalalayo tayo sa mga dapat bigyang-pansing aspekto ng ating sarili; nakikipagpaligsahan tayo upang makasabay sa takbo ng mundo habang nakakaligtaan

¹⁴ de Leon, Emmanuel C., *An Interview with Romualdo Abulad, SVD*; 7.

¹⁵ Abulad, Romualdo E. 1976. "Pilipino sa Pilosopiya." *DLSU Dialogue* 11 (1): 159.

¹⁶ Abulad, Romualdo E., *Pilipino sa Pilosopiya*; 159.

¹⁷ Sa kanyang artikulong *The Filipino as a Philosopher in Search of Originality* (1985), nabanggit ni Abulad ang mga “lay philosophers” o siyang mga pilosoper na hindi matatagpuan sa larang ng pilosopiya o sa akademya, bagkus mga pangkaraniwang taong sila ring namimilosopiya—sang-ayon sa paniniwalang likas sa tao ang pagtataka at pagtatanong hinggil sa buhay at sa mundo. Maaari rin matagpuan ang parehong mga sentimyento sa kanyang isa pang artikulo na *Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy* (1986). Tingnan: Abulad, Romualdo E. 1985. "The Filipino as a Philosopher in Search of Originality." *Karunungan* 2: 17. at Abulad, Romualdo E. 1986. "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy." *Sophia* 16: 58.

¹⁸ Quito, Emerita S. 1983. *The State of Philosophy in the Philippines*. Manila: De La Salle University.

¹⁹ Tinalakay rin ito ni Quito sa kanyang libro bilang isa sa mga pangunahing problema sa pagkabansot ng pilosopiya sa Filipinas. Noong mga panahong iyon, napansin ni Quito na tila may kakulangan na nga tayo pagdating sa mga wikang banyaga, may mas malaki at nakakaalarma pa tayong kakulangan hinggil sa pagkabihasa sa ating wikang pambansa.

natin ang mga isyung panloob na dapat muna nating pagtuunan ng pansin at hanapan ng kasagutan. Ika nga ni Abulad, tila ba ay nalalayo ang ating paningin sa iba pang bahagi ng ating sarili, at isa na dito ang ating wika. Ngunit hindi naman iminumungkahi ni Abulad na iwaksi ang mga likhang-bagay ng mga nasa Kanluran, bagkus sinasabi niya na nararapat na gumawa tayo ng paraan upang hindi makalimot sa ating pinagmulan kahit na napupukaw ang ating interes ng mga konsepto at mekanismong banyaga. Wika niya:

“Tila yata nararapat lamang na muli tayong gumising sa ating panandaliang pagkaidlip at muli nating siyasatin ang pinakaugat ng mga pangyayaring muntik nang lumamon sa ating kahinaan.”²⁰

Hindi naman talaga dapat iwaksi dahil lubhang mahalaga itong nabuo at nabubuon ugnayan ng iba’t ibang bansa at kultura. Subalit kung humaling na humaling na tayo sa kagalingan ng ibang bansa, tila may pangangailangan na sigurong gumising at manggising ng iba mula sa pagkaidlip na ito at kumbinsihin silang kumilos din sapagkat tayo rin ay may angking galing na nararapat ding kahumalingan—isang kagalingang kinakailangan munang matuklasan bago pa man kahumalingan. Marami tayong gustong patunayan kahit madalas ay nababara tayo sa mga naipataw na, dulot na rin ng kalabuan ng ating pinagmulan at ang ilang daang taon ng pagkakakolonisa. Ngunit kahit lagi na tayong umiiral sa ganitong konteksto, may hamon pa rin ng pag-alpas— ng pagwaksi sa kaisipang “hanggang dito na lamang tayo” at pagyakap sa posibilidad ng pagsulong at pagbabago. At sa pagtatangka nating pag-alpas na ito, sinasabi ni Abulad na dapat pilosopiya ang maging gabay natin; ang gabay nito ay dapat matutunan nating magbatak ng isip.²¹

Sapagkat hindi lamang sa mga dalubhasa tumatalab ang pilosopiya, bagkus ito ay tumatalab sa lahat ng uri ng tao. Ipinupunto ito ni Abulad sa pangalawang bahagi ng kanyang artikulo, kung saan ipinapaliwanag niya kung ano nga ba ang pilosopiya. Ayon sa kanya:

“Makabuluhan ang pilosopiya. Hindi totoong ito ay pag-aari lamang ng mga dalubhasang mahilig magparangya ng kanilang kaalaman sa loob ng apat na sulok ng silid-aralan. Ang pilosopiyang hindi nagbibigay-kahulugan sa buhay ay hindi kailanman natin maaaring tawaging tunay na pilosopiya.”²²

Kung susuriin, mahihinuhang ang mga katagang ito ay tila isang kritika sa mga akademikong nakukulang lamang sa dalawang bagay: sa kanilang mga paboritong teorya’t idea, at sa apat na sulok ng silid-aralan. Sinasabi ni Abulad na ang tunay na pilosopiyang dapat na nilulubugan ay iyong umaalpas sa apat na sulok ng silid-aralan, umaalpas sa mga paboritong teorya’t komplikadong mga konsepto’t idea—isang pilosopiyang bukas at nagbibigay-kahulugan sa buhay. Hindi sasapat na basta na lang laging napag-uusapan ang mga konseptong abstrakto, bagkus dapat din itong nalalapat, at napagdedebatihan—isang pilosopiyang tumatalab sa buhay at umiiral sa lipunan. Tilabaga ay isa rin itong pag-uudyok na tayong mga nag-aaral at nagsusumikap na lumubog sa pilosopiya ay dapat matutong maging bukás at manatiling bukás. Hindi dapat tayo nakukulang sa mga matatayog nating konsepto at sa mga nagtataasan nating toreng garing, bagkus dapat matunton din natin ang sukdulang layunin ng pilosopiya: ang makapagbigay ng kahulugan sa buhay natin, sa mga buhay sa paligid natin, at sa mundong ating kinaiiralan.

²⁰ Abulad, Romualdo E. 1976. "Pilipino sa Pilosopiya." *DLSU Dialogue* 11 (1): 160.

²¹ Abulad, Romualdo E., *Pilipino sa Pilosopiya*; 160

²² Abulad, Romualdo E., *Pilipino sa Pilosopiya*; 160

Alinsunod sa pag-uudyok na ito, mayroon pang isang hamon si Abulad: ang mamulat sa responsibilidad na kumilos. Wika niya:

“Buwag at hungkag ang pamumuhay ng isang nilalang kung ito ay tulad sa isang patpat na inanod-anod lamang ng mga pabago-bagong hilig ng makalipunang alon.”²³

Dito nagsisimula ang hamon ni Abulad sa pagbabatak ng isip. Hindi sasapat na pairalin ang ating pagiging istátik, na makuntento na lamang tayo na sumabay sa agos- makuntento na lamang sa pagtanggap nang pagtanggap. Kailangan marunong din tayong sumalungat sa agos, at matutong pumalag at kumilatis, hindi lamang tanggap nang tanggap. Ito ang pagiging bukás, sapagkat hindi tayo mga espongha o garapon na naghihintay lamang mapunan. Makikita rin dito ang isang hamong tumutungo paloob—na tayo mismo bilang mga ibdidbidwal ay kailangang magpasyang magpumiglas sa dinadaluyang panahon. Tilabaga ay ipinupunto dito na hindi tayo maaaring mabara sa otomatik; kailangan nating mapaigting ang kamalayang pumuna.²⁴

Isa pang binigyang-diin ni Abulad sa artikulong ito ang kahalagahan ng isang ‘paninging makasaysayan.’ Wika niya:

“Ang paninging makasaysayan ay magsisilbing gamot upang makaiwas tayo sa mga makikitid na pagtanaw sa buhay. Magiging malawak ang ating pang-unawa at magiging magaan para sa atin ang ilaan ang ating pandinig kaninuman, anumang nais niyang ipahiwatig. Hindi nga ba’t ang ganitong uri ng kamalayan ang higit sa lahat ay magsisilbing tagapagbuklod ng tao, hindi sa pamamagitan ng awtokratikong pagsupil at pagkitil sa kalayaan kundi sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa mga daluyan ng komunikasyong namamagitan sa nagkakaiba’t ibang lahi.”²⁵

Makikita sa talatang ito ang ipinapanukala ni Abulad na pagtatalakay sa anomang bagay ayon sa perspektiba ng kasaysayan.²⁶ Mahalaga sa kaniya itong laging pagtingin sa konteksto ayon sa ‘paggiling ng kasaysayan.’²⁷ Isa muli itong pagpapahayag sa paniniwalang lagi tayong umiiral sa isang konteksto— isang kontekstong siya ring binuo ng daloy ng panahon. May pangangailangang sipatin ang mga pangyayari sa nakaraan upang maintindihan ang mga umiiral at nagaganap sa ating kasalukuyan. Maiiwasan natin ang kakitiran ng utak at lalong magiging bukás ang ating pag-unawa kung aalamin muna natin ang makasaysayang konteksto ng isang bagay na pinapaksa. Makikita dito na ninanais ni Abulad ang isang kamalayang malaya—malayang makinig, malayang makipag-usap, kumilatis at pumuna. Pinaniniwalaan niya na sa pag-iral ng ganitong kamalayan ay maaaring mabuklod ang mga tao at lalong maging maluwag ang ating daluyan ng komunikasyon, impormasyon at diskurso. At

²³ Abulad, Romualdo E., *Pilipino sa Pilosopiya*; 161.

²⁴ Sang-ayon muli ito sa layuning pilosopiko ni Abulad na inilalahad ni de Leon sa kaniyang librong *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino* (2019)

²⁵ Abulad, Romualdo E., *Pilipino sa Pilosopiya*; 162.

²⁶ Kung babalikan ang mga unang bahagi ng artikulong ito, makikitang nabanggit na ito bilang isang mahalagang temang nakapaloob sa isang maka-Abulad na pagpuna.

²⁷ Ginamit niya ang terminilohiyang ito sa kanyang akdang *Mga Puna Tungo sa Pag-asa* (1976) at ginamit muli ito ni de Leon sa bahagi ng kanyang libro na *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino* (2019) bilang pagtatalakay sa pamamaraan ng pagpuna na ineendorso ni Abulad— itong pagpuna nang may pagsipat sa ‘paggiling ng kasaysayan.’

bagaman ang talatang ito mula sa artikulo ay nakatuon sa pagtatalakay ng kahalagahan ng isang lalong bukás na pilosopiya, sa palagay ko ay maaari din natin itong tignan bilang siya ring sumalamin sa kahalagahan ng isang bukás na kritika. Sapagkat parehong nag-uudyok ang pilosopiya at kritika na magtanong, mag-isip, at maging bukás sa iba't ibang perspektiba, at sa pagiging bukás ng mga ito ay malaya rin silang kumilatis nang ayon sa mga naturang konteksto. Ika nga ni de Leon sa pagtatalakay ng layuning pilosopiko ni Abulad, “malaya tayong ‘humatol’ o humusga gamit ang ating katwiran maliban na lamang sa mga pagkakataong wala tayong basehan sa paghatol.”²⁸ Kung kaya, itong ipinupunto ni Abulad na pagkakaroon ng paninging makasaysayan ay maaari nating ilapat pareho sa konteksto ng pilosopiya at ng kritika. Sapagkat para kay Abulad, hindi maihihiwalay ang pilosoper sa kanyang pagiging kritiko, dahil kritika ang isa sa mga pangunahing tagapag-udyok ng diskurso at dayalektiko sa pilosopiya.²⁹ Kung gayon, palagian dapat magkabigkis ang dalawa.

Huling punto na nais kong talakayin dito ay ang magkahalong hamon at kritika na inilahad ni Abulad sa bandang dulo ng artikulong ito:

“Tunay ngang kawiliwili ang mga suliraning maaaring talakayin ng pilosopiya. Walang hindi saklaw ang malayang isip ng tao na patuloy sa pagpapahayag ng kanyang kuro ukol sa daigdig na kanyang ginagalawan. Lalo na sa panahong ito na tila dambuhalang lumalagom sa ating mga kababayan ang di-mabilang na kaisipang walang tiyak na pinagmulan, lalo ngayo’y kailangan nating tiyakin ang ating sarili, unawain ang pinakaugat ng mga nangyayari, at sikaping maibunsod ang hinaharap nang ayon sa pinakamatalinong paraang ating mabibigyang-buhay.”³⁰

Masisipat dito ang isang pahayag ni Abulad na makikita ring pinupunto niya sa iba pa niyang mga artikulo: *ang kasalatan natin sa isang pinag-ugatang kultura, kasaysayan, at tradisyon*. At dahil nga ang artikulong ito ay nasulat wala pang isang dekada mula noong tinangka ni Emerita Quito na buksan ang diskurso ng pilosopiya at gisingin ang mga nasa akademyang tila nahimbing na sa dogmatismo, bumaha ng mga katanungan sa yugtong ito hinggil sa ating identidad bilang mga Filipino, sa ating kultura, at sa pilosopikong aspekto ng ating pag-iral, ng ating pamumuhay, ng ating mga paniniwala, atbp. Sa madaling salita, nagsulputan ang mga tanong tungkol sa *atin*—mga tanong at problematikong tayo naman ang pinapaksa. Dambuhala ang mga katanungang ibinabato noong panahong ito, at kahit na ilan sa mga katanungang ito ay napaglamayan na, marami pa rin dito ang dapat pa ring mapag-uusapan sapagkat hindi pa nabibigyan ng sapat na hustisya. Kung kaya, ang hamon noon (at ngayon) ni Abulad ay ang lalong pagkilala sa sarili, na mahanap ng mga Filipino ang pinakaugat ng kanilang dinaramdam, at sa pamamagitan ng pag-aapuhap na ito, ay makapag-udyok ng isang pamamaraang likas sa atin sa pagharap sa buhay na siyang ginagabayan ng sapat na katwiran. Mahihinuha sa artikulong ito ang pag-usbong ng isang kritikang hindi nagmamadaling tumungo agad sa labas at ilapat agad sa malawakang

²⁸ de Leon, Emmanuel C., *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino*; 143.

²⁹ Nabanggit din ito ni Abulad sa kanyang bahagi sa artikulo ni Emerita Quito hinggil sa *Pulong-isip*, o sa mga serye ng pagpupulong na ginagawa ng mga Filipinong pilosoper upang pag-usapan at pagdebatihan ang iba't ibang paksain sa pilosopiya. Ipinupunto ni Abulad sa kanyang bahagi na mahalaga ang rebolusyonaryong katangian ng isang pilosoper, na ang layunin niya ay ang mag-isip nang radikal at kritikal hinggil sa mga tradisyon at sistemang kanyang dinaranas at kinabibilangan. Mahihinuha dito ang lalong pagpapatibay ng paniniwala na tunay ngang hindi maihihiwalay ang isang pilosoper sa pagiging kritika rin ng kanyang panahon, sapagkat kaakibat rin ng mismong pamilosopiya ang pangangailangan maging mapangkilatis at kritikal sa mga bagay na pinapaksa. Tingnan: Quito, Emerita S. 1986. "Pulong-isip: Meeting of Filipino Minds." *Karunungan* 3: 12.

³⁰ Abulad, Romualdo E., *Pilipino sa Pilosopiya*; 165.

sakop ang mga pagpuna, bagkus makikita sa dulong bahagi na inuudyukan ni Abulad ang kanyang mga mambabasa na simulan *muna* sa sarili—na pumaloob muna bago lumabas; sumentro sa indibidwal bago dumako sa nakararami.³¹ Tilabaga’y kailangan munang pagtuunan ng pansin ang ating mga internal na pakikibaka, bago natin subukin na makiisa sa pakikibaka ng mas nakararami.

Mga Puna Tungo sa Pag-asa (1978)

Mainam na halimbawa ang ikalawang artikulong ito upang makita ang iba’t ibang paksain ng pagpuna ni Abulad. Dito mahihinuha ang isang uri ng kritika na umuugat at tumutungo sa kamalayang Filipino—na hindi lamang ito isang uri ng kritika na naglalapat ng mga banyagang teorya upang suriin ang mga paksaing nakaangkop sa atin, bagkus sumisipat din ito mula sa lente ng ating kasaysayan, ng ating mga tradisyon, ng ating pag-iisip, at ng ating kamalayan. Mapapansin dito ang isang direkta at walang patawad na pagkrikritikang hindi lamang sumasakop sa mga panlipunan na aspekto ng ating pagka-Filipino, bagkus inuusisa din nito ang kanya-kanyang mga internal na pakikibaka bilang isang Filipino.

Sa maikling artikulong ito, tinangka ni Abulad na suriin at punahin ang mga macro at micro na aspekto ng pagiging Filipino. Bagaman sa simula ng artikulo ay makikita natin ang maikling pagpuna ni Abulad hinggil sa mga panlipunan at pangmalawakang mga isyu- kapitalismo at maka-dayuhang sistema ng ating pamumuhay sa Filipinas, - mayorya sa artikulo ay nakasentro sa mga katanungan at pagpunang tumutungo mismo sa indibidwal—sa identidad at mga salik na bumubuo sa isang Filipino.

Ilan sa mga inilahad na katanungan ni Abulad ang mga sumusunod:

“Masaya ba ang Pilipino?”³²

Isa itong pagpuna sa konsepto ng kasiyahan ng mga Filipino. Inilarawan ni Abulad ang karaniwang buhay ng isang Filipino noon—trabaho at tsismis sa araw, lasingan at tila ba piyestahan sa gabi, pagkatapos uulit na naman ang proseso sa muling pagsikat ng araw. Nabanggit din niya dito ang epekto ng teknolohiya sa mga Filipino noon, na tilabaga’y nagsisilbi ang mga ito bilang mga panakip-butas lamang sa mga bagay-bagay na ninanais nating panandaliang takasan; mga tagapagbigay ng ilang oras na panandaliang aliw.³³ *Maligaya na ba ako dito? Kung lalong susuriin, tila ba ay nagpapahiwatig si Abulad ng mga katanungang “ito na ba talaga ang buhay natin? Ganito na lamang ba tayo? Sanayan na lamang ba sa konting konswelong aliw?”* Nararapat na pag-isipan sa bahaging ito na bagaman iba na ang panahon ngayon, iba na ang mga batis na pinagkukunan natin ng aliw at kasiyahan, at iba na rin ang kontekstong ating ginagalawan, ay isa pa ring mahalagang katanungan ang “masaya ba ang Pilipino?” *Masaya ba ako?* Masaya na kaya tayo sa administrasyong namumuno sa atin ngayon, sa buhay nating umiikot sa *social media* at tilabaga nagiging panukat na ng pagkatao ang bilang ng mga “likes” at “haha”? Masaya na kaya tayo sa pakikipagtsismisan na hindi na lamang natatagpuan sa mga kapitbahay kung ‘di pati na rin sa pag-aaway ng mga “DDS” at “Dilawan” at sa patuloy na paglaganap ng *fake news* sa Filipinas? Masaya na ba tayo sa patuloy na pagbaling natin sa teknolohiya upang makakuha ng panandaliang aliw at panandaliang makatakas sa lipunang ginagalawan na mas mahalaga pa ang bulag na pagsunod sa mga gahaman kaysa sa ating mga karapatan? Masaya kaya ang Pilipino ngayon? *Masaya na kaya ako dito?*

“Subalit ano ang tunay na sukatan ng kaligayahan?”³⁴

³¹ Abulad, Romualdo E. 1985. "The Filipino as a Philosopher in Search of Originality." *Karunungan* 2: 12.

³² Abulad, Romualdo E. 1978. "Mga Puna Tungo sa Pag-asa." *Daop Diwa* 2: 27.

³³ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 28.

³⁴ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 28.

Sinundan pa ni Abulad ang katanungan hinggil sa kasiyahan—mula sa isang tanong na maaari nating sagutin ng “oo” o “hindi,” dumako siya sa katanungan hinggil sa kung “ano” ang maaari nating tukuyin bilang mga sukatan ng kaligayahan. *Ano nga ba ang kaligayahan para sa akin?* Inusisa niya ang mga nakagawiang pag-aaliw ng mga kabataan noon at muling ipinunto ang pagkalulong ng mga tao sa mga panandaliang aliw, mga panlabas na palabas para lamang maipakitang masaya ka. Pakitang-tao, ngunit hindi tumatagos sa loob—isang pag-usisa sa kahulugan natin ng kasiyahan at pagkakontento. Sapat na nga ba ito? *Hanggang dito na lamang ba ako?*

*“Ganito ba ang Pilipinas?”*³⁵

Ipinunto ni Abulad dito ang likas na sa ating mga Filipinong ‘diskarte’—na maaaring sumalamin sa pagiging maparaan natin sa mga araw-araw na gawain at kung tutuusin, pati na rin sa ating pagnanais na makalamang sa buhay, lalo na pagdating sa pagkita ng pera. Ngunit sa kabila ng pagiging ‘madiskarte’ natin na ito, tila ba ay nakakaligtaan na natin ang iba pang aspekto ng ating buhay at nalilimutan din nating hindi lang tayo ang taong nagtatangkang umalpas mula sa kanyang pagkakasadlak. Wika dito ni Abulad:

“Kayod rito’t kayod roon—kung saan naroroon ang ligaya’t pera, kahit na makaigtaan ang tunay na tungkulin; kahit na malimutan ang mga pangangailangang pampamilya; kahit na kasangkapanin ang kabaitan ng iba; kahit na marumihan ang lansangang tatapakan ng kapwa; kahit na yurakan ang dangal ng tao; kahit na magbingi-bingihan at magbulag-bulagan sa dinaramdam at idinaraing ng marami.”³⁶

Isang tahasang kritika ito sa mga posibleng negatibong kalabasan ng ating pagiging ‘madiskarte’ bilang mga Filipino, na sa pagnanais nating lumaya’t makaluwag, nalilimutan na nating mayroon ding ibang maaaring maapektuhan ng ating mga ‘diskarte.’ *Ganito ba talaga ako bilang isang Filipino?* Matagal nang umiiral itong ating pagiging ‘madiskarte,’ at mayroon naman itong mga positibong konotasyon na maaari nating ipagmalaki bilang mga Filipino. Ngunit nararapat lang din nating pagnilayan ang bunga ng pagiging ‘madiskarte’ at kung paano ito makakaapekto sa mga taong nakapaligid sa atin, lalo na ang mga itinuturing nating mahahalaga.

*“Wala nga ba tayong tiyak na sarili?”*³⁷

Kalakip rin ng bahaging ito ang mga katanungang “Ano nga ba ang Pilipino?” at “Ano nga ba ang Pilipinas?” Tulad din ng mga naunang talakayan, madalas mailahad ni Abulad sa kanyang mga artikulo ang ganitong mga katanungang nagtatangkang umusisa sa ating identidad at sa ating kasaysayan. Sa pakiwari niya, tayong mga tao ay biktima lamang ng paggiling ng kasaysayan³⁸, ngunit hindi lamang dapat tayo mabara sa pagiging biktima, bagkus pagkakataon din ito upang usisain natin kung ano ang mga napala natin at kung ano ang mga ninanais nating makamit sa patuloy na paggiling na ito. Tilabaga’y nagtatanong sa sarili: “*Narito ako dahil sa mga pangyayaring ito. Kaya ba ganito ang kasalukuyan*

³⁵ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 28.

³⁶ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 28.

³⁷ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 29.

³⁸ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 29.

*dabil sa mga pangyayaring ito? Ano kaya ang maaari kong gawin sa hinaharap?*³⁹ Sumasalamin pa rin dito ang kanyang pagnanais na matuto tayong sumuri mula sa pinakaugat bago pa man dumako sa mas matatayog na aspekto. Magiging daan ito upang magkaroon tayo ng lubos na pag-intindi sa ating sinusuri, at upang maisaalang-alang din ang mga ito sa mga hangarin natin sa hinaharap. Maaari rin natin tignan ang mga katanungag ito bilang bunga ng paniniwala ni Abulad na malabo ang ating pinagmulan at mas malabo ang pagkakaunawa natin dito.⁴⁰ Kung kaya, ang kalabuang ito’y tila nakakaapekto sa patuloy na pag-aapuhap natin hanggang sa ngayon sa isang kamalayan, identidad, at gunita na maaari nating tawaging pambansa. Ngunit, hindi ito tuluyang tinignan ni Abulad mula sa negatibong perspektiba, bagkus naniniwala siyang bagaman malabo ang ating nakaraan at wala tayong mababalikan na kasaysayan, may matatagpuan namang natatanging potensyal upang makabuo tayo ng kasaysayang tunay na nakalapat sa ating pagka-Filipino.

“Ganito na lamang ba tayo?”⁴¹

Sa bahaging ito tinalakay ni Abulad ang masasabing pinakakilalang katangian ng mga Filipino—ang pagiging *hospitable*. Ipinakita niya na itong ating pagiging *hospitable*, bagaman isang nakakatuwang katangian bilang pagsasalamin ng ating pagiging bihasa sa pakikipagkapwa-tao, ay tila ambivalent din. Wika niya:

“‘Hospitable’ bang matatawag kahit na pakitang-tao ang pagmamagandang-loob, kahit na habang dindulutan natin ng kasiyahan ang ating bisita ay binibilang naman natin ang ating nagagastos at gagastusin pa? Kahit na ang ating ‘hospitality’ ay dahil sa may inaasahan tayong kapalit na higit pa sa ating ibinibigay?”⁴²

Tila ay mayroon ulit panghihimok si Abulad na kung ganito nga ang ating pag-iisip hinggil sa pagiging *hospitable* ay kailangan na nating magnilay-nilay kung bukal pa ba ito sa ating loob o sadyang nakasanayan na lamang natin.

Sinubok din niyang hanapin ang ugat nitong ating pagiging *hospitable*, at sa tingin niya ay maaari itong naging bunga ng ating pagkakakolonisa, na sa ating lalim-kamalayan⁴³ ay nakatatak nang mas nakatataas at mas dakila ang mga taong mula sa ibang lupalop. Isa muli itong halimbawa ng uri ng kritikang kanyang itinataguyod—yaong may pagsipat sa perspektiba ng kasaysayan, at ng panawagan na kanyang paulit-ulit na hinahain: ang bumalik tayo sa ugat ng ating mga dinaramdam.⁴⁴

³⁹ Maaari rin makita ang ganitong mga sentimyento sa mga artikulo ni Abulad na *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan* (1986) at *A Philosopher’s View from EDSA* (2001).

⁴⁰ Malimit na nababanggit ito ni Abulad sa kanyang mga artikulo na may kinalaman sa Pilosopiyang Filipino. Tingnan: Abulad, Romualdo E. 1986. "Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan." *Malay* 5: 41, Abulad, Romualdo E. 1986. "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy." *Sophia* 16: 61 at Abulad, Romualdo E. 1988. "Contemporary Filipino Philosophy." *Karunungan* 5: 1.

⁴¹ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 29.

⁴² Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 29.

⁴³ Isinalin ni Abulad sa akda ang salitang *unconscious* bilang “lalim-kamalayan”.

⁴⁴ Tulad ng nauna nang nabanggit ni de Leon sa kanyang pagsusuri, makikita rin itong maigting na panawagan ni Abulad ng pangangailangang bumalik tayo sa ugat ng ating mga dinaramdam sa iba pa niyang mga artikulo tulad ng *Kant and the Filipino Quest for a Philosophy* (1981), *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino Sa Kasaysayan ng Himagsikan* (1986), at *Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy* (1986). Tingnan: Abulad, Romualdo E. 1981. "Kant and the Filipino Quest for a Philosophy." *Sophia* 11: 5, Abulad, Romualdo E. 1986. "Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan." *Malay* 5: 39, at Abulad, Romualdo E. 1986. "Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy." *Sophia* 16: 60.

“Bakit nga ba ganito?”⁴⁵

Sinasabi ni Abulad na kaya siguro ganito ang ating pagtanaw ay tila salat tayong mga Filipino sa isang ideyalismo, sa isang pilosopiya. Kulang tayo ng paghuhugutan ng isang makabuluhang pagtanaw sa buhay at sa mundo. Kulang tayo ng isang batayang tayo mismo ang lumikha at hindi lamang ipinipilit sa atin kahit kulang tayo sa pag-unawa hinggil dito, sapagkat ang tunay na kaligayahan ay matatagpuan sa dinaramdam at sinasalooob ng ating kapwa Filipino.⁴⁶ Kung kayâ, iminumungkahi ni Abulad sa dulo ng kanyang artikulo na dapat maging layunin natin na palaganapin ang kamalayang pumuna sa lisyang mga kalakaran na nag-uugat sa kahinaan ng ating pagkilala sa ating sarili.⁴⁷ Tila ba ito ang kailangan nating itaguyod upang magkaroon tayo ng ‘pag-asa’—na kailangan muna nating tumungo sa ugat ng ating mga dinaramdam upang magawa nating unawain at kilatisin ang kasalukuyan. Sapagkat kaya tayo pumupuna, hindi lamang para mailahad ang mga negatibong aspekto ng isang bagay o isyu, bagkus upang makapag-udyok rin ng isang mas malalim na pag-iisip hinggil sa mga isyung ito, matutong mangwestyon sa iba’t ibang aspekto ng mga ibinabahagi sa ating impormasyon, at sa huli’y maaari ay makapagmungkahi—kung ano pa ba ang dapat gawin, kung pangmatagalan ba itong mga naiisip nating dapat gawin, at kung kailangan pa bang problemahin at saliksikin pa ang mga ito sa hinaharap o maaari na natin itong paglamayan. Sa atin paulit-ulit na uusbong ang pag-asa, sa tulong at gabay na rin ng isang pilosopiyang matatawag nating atin, ngunit kailangan pa nating tuklasin sapagkat tila nawawala pa ito. Malabo man ang ating nakaraan, puno naman ng pag-asa ang ating hinaharap.

Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino Sa Kasaysayan ng Himagsikan (1986)

Pinili ang huling artikulong ito bilang kadugtong ng mga katanungan at agam-agam na nakapaloob sa mga naunang artikulong *Pilipino sa Pilosopiya* at *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*. Dito rin matatagpuan ang mas pinalawig na pagpapakiwari ni Abulad sa pagtataguyod ng isang kritika na sumusuri mula sa lente ng kasaysayan at sa lalong pagpapalaganap ng kamalayang pumuna. Mahalaga ang artikulong ito upang mapalalim ang talakayan hinggil sa mga temang nakapaloob sa maka-Abulad na pagpuna, kung kaya, minarapat na magkaroon ng maikling talakayan hinggil sa mahahalagang puntong matatagpuan dito.

Inumpisahan ni Abulad ang artikulo na ito sa pamamagitan ng pagbibigay-kahulugan sa paraan ng pagtingin ng isang pilosoper⁴⁸ sa mga bagay-bagay. Wika ni Abulad:

“Malimit na ang pilosop[er] ay nakatitig sa isang bagay, subalit higit sa panlabas na anyo ang kanyang nakikita. Pangkaraniwan sa mga pilosop[er] ang paniniwala na ang katotohanan ay nakatago sa likuran ng mga bagay na namamalas.”⁴⁹

Ipinapahiwatig sa mga katagang ito na ang isang pilosoper ay hindi lamang isang karaniwang taong tila tagamasid lamang sa mga nangyayari sa paligid niya, bagkus mayroon siyang kakayahang lumampas sa

⁴⁵ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 30.

⁴⁶ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 30.

⁴⁷ Abulad, Romualdo E., *Mga Puna Tungo sa Pag-asa*; 30.

⁴⁸ Bagaman ginamit ni Abulad ang terminong ‘pilosopo’ sa kanyang artikulo, sa palagay ko ay mas mainam na gamitin ang minumungkahing salin at baybay ni Emmanuel de Leon na ‘pilosoper’ bilang ang ‘pilosopo’ ay tila may negatibong konotasyon sa lipunang Filipino.

⁴⁹ Abulad, Romualdo E. 1986. "Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan." Malay 5: 37.

anyong panlabas na ipinapakita ng kanyang mga pinagmamasdan. Sa pakiwari ko’y hindi lamang isang kakayahan itong ipinupunto ni Abulad, bagkus ay isa ring tungkulin—isang tungkulin na hindi lamang pansinin ang mga bagay kung paano sila nagpapakita sa atin, kung ‘di ay subukin din nawa nating sipatin ang tila mas malalim na kontekstong nakatago sa likod ng mga bagay na ito.

Binibigyang-diin din ni Abulad sa artikulo na ito ang kanyang pagpapahalaga sa kasaysayan at sa gampanin nito bilang tagasuri ng mga isyu at problemang kinakaharap ng mga Filipino at ng lipunang kanilang ginagalawan. Naniniwala si Abulad na ang kasalukuyan ay siyang pinanday sa hulmahan ng nakalipas,⁵⁰ kung kaya, mahalagang magkaroon tayo ng matinong pagkaunawa sa takbo ng ating kasaysayan upang magkaroon din ng matinong pag-unawa sa mga kaganapan ngayon sa ating lipunan. Makikita dito ang muling panawagan ni Abulad na matuto tayong sumuri mula sa lente ng kasaysayan—isang panghihimok sa kakayahan ng bawat indibidwal na makapag-ambag sa kasaysayan—na hindi lamang manatiling mga biktima ng paggiling nito, bagkus maging aktibong kalahok sa pagpapanday nito.

Nakapaloob din sa artikulong ito ang isang muling pagtalakay sa kanyang konsepto ng ‘paninging makasaysayan,’⁵¹ at kalakip nito ay sinasabi niyang wala itong kabuluhan kung hindi ito magsisilbi bilang landas upang magkaroon ng kaganapan ang pagbabago at pagsulong sa daigdig.⁵² Masisipat dito ang muling pagpapahiwatig ni Abulad na malaki ang gampanin ng kasaysayan sa ating mga pagsusuri sa mga pangangailangan natin sa kasalukuyan. Kalakip ng muling pagsambit ng kahalagahan ng kasaysayan na ito ay ang panghihimok ni Abulad sa ating mga mambabasa na nasa atin pa rin ang pagpapasiya, na muli man natin tignan ang ating kasaysayan at unawain ito, sa dulo, tayo pa rin ang magdedesisyon kung ano ang maaaring bunga nitong pagtingin at pag-unawa natin. Ngunit, sinasabi rin niya sa dulo na nawa ang ating pagpapagal sa pag-unawa sa kasaysayan ay nakatuon sa mabuting hangarin para sa kinabukasan ng ating bansa. Wika niya:

“Tayo ang gumagawa ng ating sarili; nasa atin ang pagpapasiya kung nais nating manatili sa kasalukuyang palapag ng mediokridad o kung magpupunyagi tayong ihanay ang ating sarili sa lupon ng mga dakila at pangunahing bansa.”⁵³

Ngunit sa kabila nitong pagbibida niya sa kahalagahan ng pagkakaroon ng ‘paninging makasaysayan’ ay ipinapahayag din niyang tila ang isang [F]ilipino ay isang taong walang kasaysayan.⁵⁴ Hindi naman ito isang pagsasawalang-bahala sa pagsisikap ng ating mga historyador. Bagkus, isa muli itong kritika mula kay Abulad, na ang tinatawag nating ‘kasaysayan’ ay isang kasaysayan na hindi likas sa atin at hindi natin matatawag na atin sapagkat ipinataw ito at hinubog ng ating mga mananakop. Isa lamang ang tinatawag niyang kaganapan sa kasaysayan na maaari nating angkinin bilang tunay na atin: ang himagsikan sa EDSA. Binansagan niya ito bilang “tunay na rebolusyon ng masa”—isang rebolusyong napagtagumpayan ng isang bansa laban sa isang naghaharing diktador.⁵⁵

Kaugnay ng pahayag na ito ay mahihinuha rin sa teksto ang disgusto ni Abulad hinggil sa Martial Law at sa administrasyong Marcos. Ikinumpara niya si Marcos sa mga kolonyal na haring

⁵⁰ Abulad, Romualdo E., *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*; 38.

⁵¹ Una nang tinalakay ni Abulad ang konseptong ito sa kanyang artikulong *Pilipino sa Pilosopiya* (1976).

⁵² Abulad, Romualdo E., *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*; 39.

⁵³ Abulad, Romualdo E., *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*; 39.

⁵⁴ Abulad, Romualdo E., *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*; 41.

⁵⁵ Abulad, Romualdo E., *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*; 42.

naglabas-masok sa Filipinas sa loob ng ilang daang taon, at binansagan niya si Marcos bilang “pinakahuli’t pinakamatingkad na simbolo ng buong panahong ang ating bansa’y nagpalipat-lipat sa kamay ng mga mapang-api’t mapang-abuso,” ngunit ang kaibhan nga lamang, ayon kay Abulad, ay may positibong ambag ang matagal na pagkakakolonisa sa atin ng mga Kastila at Amerikano, subalit sa pakiwari niya ay walang naiwan ni gahiblang kadakilaan ang administrasyon ni Marcos.⁵⁶

Noong kasagsagan ng Batas Militar sa Filipinas ay nagtuturo na si Abulad sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST). Noong mga panahong ito, matingkad na ang pakikibaka at malakas na ang pagtutol sa mga pang-aabuso’t pagtapak sa karapatang pantao ng mga Filipino. Narito ang pambubusal sa karapatan ng malayang pamamahayag upang bulagin at bingihin ang mga tao sa mga tunay na nangyayari, mga karumaldumal na eksena sa mga piitan kung saan isinasagawa ang iba’t ibang uri ng pagpapahirap, at ang hindi maikakailang pagdami ng mga desaparesidos—mga taong tumututol sa diktadurya ni Marcos na basta na lang pinadampot at hindi na nakitang muli. Kung kaya, mahihinuha na matindi na rin ang nanunuot na galit sa puso ng mga Filipino noon, at hindi hiwalay sa galit na ito ang mga nasa akademya, tulad na lamang nina Abulad. Sa isang panayam na kanyang pinaunlakan, ikinuwento ni Abulad ang mga kaganapan sa UST noong mga panahong ito. Wika niya:

“Oo, oo. Mararamdaman mong wala kang silbi kung nagtuturo ka lamang sa classroom. Na nagtuturo ka pa ring tulad ng dati at parang walang pakialam. Kapag ganoon, mararamdaman mong walang kabuluhan ang iyong ginagawa. Kasama kami! Kasama kami! Lumalabas kami ng unibersidad [para makibaka]. Siguro ang administration ay medyo nag-iingat kaya medyo konserbatibo ang tingin. Pero, ang faculty at estudyante ay hindi ganoon. From day one of Martial Law, ayaw na namin [dito]. Nakikita naming hindi ito tama.”⁵⁷

Kung susuriin pa lalo ang pagtatalakay ni Abulad sa artikulong ito, makikita natin na tunay ngang ang isang pilosoper at kritiko ay bunga ng kanyang panahon. Tahasan ang kritikang inilahad ni Abulad sa artikulong ito—bunga na rin ng katayuan, pagdanas, at pagkilatis noong mga panahong iyon. Ngunit, tulad na lamang ng istruktura ng karamihan ng kanyang mga artikulo, mayroon pa ring matatagpuan na magkahalong hamon at kritika sa dulo nito.

Alinsabay sa pagbigkas ni Abulad na ang tunay na rebolusyon ay mangyayari lamang kung magkakaroon ng radikal na pagbabago na nag-uugat sa ating kamalayan,⁵⁸ tulad na lamang ng pagkilala niya sa *EDSA Revolution* bilang isang tunay na rebolusyon ng masa, ay ipinunto rin niya na ang kaganapang ito sa EDSA ay nakapagpresenta ng isang panibagong pagkakataon upang makapag-udyok ng pagbabago.

Ngayon na ang panahon ng pagbabago.⁵⁹ Ito ang mga katagang iniwan ni Abulad sa bandang huli ng artikulo, kasabay ng panghihimok na ito ang pagkakataon upang makapagtatag ng isang tunay na lipunang Filipino, isang lipunang maipagmamalaki nating mula at para talaga sa atin. Sinasabi ni Abulad na pagkatapos ng mga kaganapan sa EDSA, ang mga mata ng mga tao ay dapat nakatuon na sa mga posibilidad na maaaring masipat sa hinaharap, at lahat ay may tungkulin sa paghahabol sa mga posibilidad na ito.

⁵⁶ Abulad, Romualdo E., *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*; 42.

⁵⁷ de Leon, Emmanuel C., *An Interview with Romualdo Abulad, SVD*; 9.

⁵⁸ Abulad, Romualdo E., *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*; 46.

⁵⁹ Abulad, Romualdo E., *Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*; 46.

